


“Ang iyong Kapalaran
napakadalang na makamtam
ang ganitong katauhan subalit
pinagkaloob ito sa atin. Sa
pamamagitan nito, tayo ay
nakakaunawa at humahanap ng
paraan upang mapag-aralan
ang ispiritwal na mundo at
matagpuan natin ang kahalaga-
han ng kaisipang transcendental.
Kaya’t ang ating katauhan ang
pinakamataas.”

.— *Srila B.S. Govinda Dev-Goswami Maharaj*

Lokal direksiyon:



ANG PAGHAHANAP

SA TUNAY

NA


PINAGMULAN

ni

Srila Bhakti Sundar

Govinda Dev-Goswami Maharaj





“Hind natin kayang tantuin
kung gaano ang kasiyahan at
katuwaan na matatagpuan sa
ating tahanan, kung gaano ang
kaligayahan at kasayahan.”

. — *Srila B.S. Govinda Dev-Goswami Maharaj*

SOUTH AFRICA

Sri Chaitanya Saraswat Math,
57 Silver Road, Newholmes, Northdale
Pietermaritzburg 3201 Kwa-Zulu Natal,
☎: (0331) 912 026

NEW ZEALAND

1030 Coatesville Riverhead Highway,
Riverhead, Auckland,
☎: (09) 4125466
email: auckland@scsmath.org

MALAYSIA

Sri Chaitanya Sridhar Govinda Seva Ashram, 7 Taman Thye Kim,
Jalan Haji Mohammed Ali, 32000 Sitiawan, Perak
☎ (05) 691 5686 e-mail sitiawan@scsmath.org

SINGAPORE

Sri Chaitanya Saraswat Math (Singapore) Blk 7, # 02-107
Tanjong Pagar Plaza Singapore, 081007
☎: +65 9062 6733
e-mail singapore@scsmath.org

PHILIPPINES

Srila Sridhar Swami Seva Ashram,
23 Ruby St., Casimiro Townhouse,
Talon uno, Las Pinas City, zip 1747.
☎: +63 800-1340
email: sridharswami@hotmail.com

Sri Chaitanya Saraswat Math

Philippines Branch.

☎: +63 9203163750 & 9287712568
e-mail: scsmath-philippines@mail.com

Sri Chaitanya Saraswat Math ay matatagpuan sa ating
website sa:

<http://www.scsmath.com>

Lahat ng Kaluwalhatian kay Sri Sri Guru-Gauranga

ANG PAGHAHANAP

SA TUNAY NA PINAGMULAN

Pagpapahayag na ibinahagi sa isang malaking pagtitipong
debosyonal sa prestihiyosong imulitcentre, i Morelia Mexico
ni

**Om Visnupada Srila Bhakti Sundar
Govinda Dev-Goswami Maharaj**

Sevaite-Pangulo-Acharyya ng

Sri Chaitanya Saraswat Math

Sri Chaitanya Saraswat Math Road,
Kolerganj, P.O. Nabadwip,
District Nadia,
West Bengal Pin 741302, India
Web: <http://www.scsmath.com>

© Lahat ay deretso reserbado para sa:

Ang Sevaite-Pangulo-Acharyya,
Sri Chaitanya Saraswat Math, Nabadwip

Ang tagapagtatag-Pangulo-Acharyya:
ng Sri Chaitanya Saraswat Math
Ang kanyang Banal na Grasya
Srla Bhakti Raksak Sridhar Dev-Goswami Maharaj

Ang kasalukuyang-Sevaite-Pangulo-Acharyya:
Ang kanyang Banal na Grasya
Srla Bhakti Sundar Govinda Dev-Goswami Maharaj

Tinipon (sa ingles) ni: Mahananda Das Bhakti Ranjan
Traduktor (sa tagalog) ni: Bless Flores
at Isani devi dasi.
Iniwasto (sa tagalog) ni Isani devi dasi
at Malini Devi Dasi

Sri Chaitanya Saraswat Math,
Sangay ng Pilipinas
Isani Devi Dasi
e-mail: scsmath-philippines@mail.com
Tel: +63 92031 63750 & +63 928 12568

BRAZIL

Sri Chaitanya Sridhar Govinda Seva Ashram
Krishna Shakti Ashram,
P.O. Box 386, Campus do Jordao-S.P.
☎: (012) 3663 3168
email: ksa@scsmath.org

VENEZUELA

Sri Chaitanya Sridhar Govinda Seva Ashram
Quinta Parama Karuna,
Avenida Tuy con Avenida Chama, Caracas
☎: (+58) 212-754 1257
email: contacto@paramakaruna.org.ve

IRELAND

Sri Chaitanya Saraswat Sangha, Willowfield Road
Ballinamore Co. Leitrim
☎: 071 9645661
e-mail: ireland@scsmath.org

NETHERLANDS

Sri Chaitanya Saraswati Sridhar Ashram,
Middachtenlaan 128,
1333 XV Almere, Buiten.
☎: 036 53 28150
e-mail: gandiva@chello.nl

HUNGARY

Sri Chaitanya Saraswat Math
Andras Novak
Nagybányai út 52. H-1025 Budapest
☎: (361) 3980295 fax: (361)3980295
email: sweetwater@scsmth.org

TURKEY

Sri Govinda Math Yoga Centre,
Abdullah Cevdet sokak No33/8 Cankaya 06690 Ankara,
☎: 090 312 4415857 & 4408882
email: turkey@scsmath.org

U.S.A.

Sri Chaitanya Saraswat Seva Ashram,
2900 N. Rodeo Gulch Rd., Soquel,
CA 95073.

☎: (831) 462 4712

e-mail: soquel@scsmath.org

RUSSIA

Pin 197229 St Pertersburg, p.Lahta
St Morskaya b.13 Russia.

☎: +7 (812) 238-2949

e-mail scsmath@mail.ru

MAURITIUS

Sri Chaitany Saraswat Math International,
Nabadwip Dham Street.,
Long Mountain.

☎: (230) 245 3118 / 5815 /2899

e-mail: mauritius@scsmath.org

AUSTRALIA

Sri Govinda Dham, P.O. Box 72,
Uki via Murwillumbah, N.S.W. 2484.

☎: (0266) 795541

e-mail: uki@scsmath.org

MÉXICO

Sri Chaitanya Saraswati Sridhar Govinda Seva Ashram de Mexico,
Calle 69-B N°. 537, Fracc. Santa Isabel,
Kanasín,

Yucatán cp 97370

☎: (52-999)982-8444

email merida@scsmath.org

ECUADOR

Srila Sridhar Swami Seva Ashram,
P.O. Box 17-01-576, Quito.

☎: 342-471 Fax: 408-439

email: ssswamisevaashram@yahoo.com

Gawing Posible ang Imposible

Ayon kay Krishna na nakasaad sa Srimad
Bhagavad-Gita,

“Pag narating mo yaon hindi mo na kailangan
pang bumalik mula doon. Hindi mo na gugus-
tuhin bumalik pa, sapagkat mararamdaman
mo ang wagas na kaganapan.”

...Sa materyal na mundong ating ginagalawan
hindi natin maaasahan na makakatagpo tayo
ng kaganapan, dahil ito ay imposible. Kaya
naman, nararapat na hanapin natin ang lugar
kung saan may posibilidad na makatagpo tayo
ng kawalang-hanggan, gayundin kung saan
may pag-ibig, pagmamahalan, kaligayahan, at
kagandahan. Kung susubukan nating unawain
ito, nararapat na pag-aralan natin ang Banal na
Kasulatan, sa mga sadhu, ang mga buhay na
kasulatan, kung saan ang karanasan at kaala-
man ay magbibigay sa atin ng karampatang
paglago.

Sa pamamagitan ng sadhu, matatagpuan natin
ang...

— *Srila B.S. Govinda Dev-Goswami*



Ang Kanyang Banal na Grasya Srila Bhakti Sundar Govinda Dev-Goswami Maharaj, ang kanyang mga salita ay nagbibigay-liwanag sa buong mundo at nagbibigay pag-asa sa mga mapapalad na nilalang.

Ang kumpletong listahan ng mahigit 250 na Paglalathala sa 20 lenggwahe ay matatagpuan sa website ng Sri Chaitanya Saraswat Math sa:

<http://www.scsmath.com>

Ang kumpletong listahan ng Templo at Ashrams ng Sri Chaitanya Saraswat Math.

INDIA

Sree Chaitanya Saraswata Krishnanushilana Sangha
Opp Tank 3; 487 Dum Dum Park,
Kolkata Pin 700055,

☎: (033) 2590 9175 & 2590 6508

Sree Chaitanya Saraswata Krishnanushilana Sangha
Kaikhali, Chiriamore, P.O.: Airport,
Calcutta 700052, W. Bengal.

☎: (033) 2573-5428

Sri Chaitanya Saraswat Math,
Bidhava Ashram Rd., Gaur Batsahi,
Puri, Pin 752001, Orissa.

☎: (06752) 231413

Srila Sridhar Swami Seva Ashram, Dasbisa, P.O. Govardhan,
Dist. Mathura, U.P. 281502.

☎: (0565) 281 5495

Sri Chaitanya Saraswat Math & Mission,
96 Sevakunj, Vrindaban, Mathura,
U.P. 281121. ☎: (0565) 245 6778

U.K.

Sri Chaitanya Saraswat Math,
466 Green Street, London E13 9DB.

☎: (0208) 552 3551

e-mail: londonmath@scsmath.org

iii) Mga babasahin:

Sri Gaudiya Darshan - Nabadwip
Sri Vaisnava Tosani - California

iv) Maraming uri ng aklat:

Archchan Kan (Mantrams for Deity worship)
Kirttan Guide (Devotional Song Book)
Relative Worlds (Srila Bhaktisiddhanta Saraswati Thakur)
Sri Brahma-samhita (Bengali / English)
Sri Chaitanya Mahaprabhu—
His Life and Precepts (Srila Thakur Bhaktivinoda)
Sri Chaitanya Saraswati—#1 & #2 (Hindi, Gujarati, Bengali)
The Bhagavata (Srila Thakur Bhaktivinoda)

KAYO ANG MGA ANAK NG NEKTAR

*(Pagpapahayag na ibinahagi sa isang malaking pagtitipong debosy -
onal sa prestihiyosong "Mulitcentre," Morelia, Mexico)*

Kayong lahat, na aking mga kasamahan sa pananampalataya, ay natitipon ngayon dahil sa mga katuruan ni Krishna na nararapat lamang pakinggan. Pinaaabot ko ang aking pagbati sapagkat nabigyan ako ng pagkakataon makapagbahagi tungkol sa aking Panginoon Diyos na si Sri Krishna at kanyang mga kasamahan. Nais kong gumawa ng mabuti sa inyo, sa aking sarili at sa mundo. Mayroon na akong mga karanasan, may edad na ko at nakapiling ko ng ilang taon si Guru Maharaj, na isang may malawak na kaalaman sa mga kaisipan ng Veda at higit sa lahat isang "Siddha-Mahapurush" – isang perpekto at malayang kaluluwa. Ang kanyang pagmamahal, pagkalinga, pag-asa at pagnanais ay nagdulot sa akin ng kakaibang bagay. Nararamdaman ko ito at hindi ko maitatangi. Maaaring mababang klase lamang ako na nilalang, subalit maaari ko bang tanggi ang mga handog ng aking Gurudev? Isa lamang akong hamak at walang halagang kaluluwa, at wala ng iba pa, ito lamang ang aking pagkatao, ngunit ibinabahagi ko sa inyong lahat ang mga handog ng aking Panginoon Diyos na si Krishna, at ng aking Guru Maharaj – ang munting kaligayahan ay nasasaakin na – kung ipagkakaloob ko sa inyo mga banal na tagapakinig ang mga himig na nagmumula sa mundong

transendental – kayo ay makikinabang at ganoon din ako.. Pagpapalain ako ni Krishna at ang aking Guru Maharaj ay magiging kuntento kung ito ay magagawa ko.

Lahat tayo ay mga nilalang na espirituwal at dahil bahagi tayo ng Panginoon Diyos, ang ating tahanan ay walang-hanggang mananatili dito sa transendental na kinaluluklukan ng Panginoon. Narinig na ninyo ang Upanisad, Veda, Vedanta at iba pang mga Banal na Kasulatan na inihayag sa India sa pamamagitan ng mga nasusulat na anyo limang libong taon na ang nakalilipas. Noon, ang kaisipan na ito ay naisasaanyo sa pamamagitan ng Sruti-mantram at isinalin mula sa mga rishis at munis patungo sa mga tagasunod sa pamamagitan ng Sruti-mantram o salitang binibigkas. Wala kasing mga aklat noong panahon na yaon. Ipinagkaloob sa atin ni Vedavyasa ng buong puso ang nasusulat na anyo ng sruti-mantram na tinatawag na Veda. Hinati niya ang nabanggit na Veda sa apat: Rg, Sama, Yajur, at Atharva. Nilikha din niya ang katulad na mga literaturang pang-natural (smriti) tulad ng Mahabharat na tinatawag na ikalimang Veda, at ang kahalagahan ng Vedas ay matatagpuan sa ilang daang Upanisads. Ang mga kahanga-hangang tagapagsiyasat, mga iskolar ng Vedic, ay nakatagpo din ng kaalamang Vedic sa Puranas. Samakatwid, sa pamamagitan ng mga dakilang rishis, iskolar ng Vedic, tagapanaliksik, ang kaalamang transendental ay naihayag dito sa makamundong daigdig, at kung kinakailangan, ang pagbabalik ng Panginoon Diyos ay mangingibabaw, at sa pamamagitan ng Kanyang Banal na Awa nagkakaroon tayo ng kaugnayan sa kaisipang transcendental.

Ang mga literaturang Vedic na ito ay pangunahing nagkaloob sa atin ng mga kaisipang tansendental at para sa ating kapakanan, ipinahayag nila ang “srinvantu biswe amritasya putra: “Kayong lahat ay mga anak ng nektar, transendental na nektar, mula sa karagatang nektar. Sisiring

Listahan ng Aklat ng Sri Chaitanya Saraswat Math

Ingles

i) Mga aklat ni Srila B.R. Sridhar Maharaj:

Centenary Anthology
Exclusive Guardianship
Golden Volcano
Heart and Halo
Holy Engagement
Home Comfort
Inner Fulfilment
Search for Sri Krishna—Reality the Beautiful
Sermons of the Guardian of Devotion Vol. I – IV
Srila Guru Maharaj—His Divine Pastimes...
Sri Sri Prapanna-jivanamritam—(Positive & Progressive...)
Sri Sri Prema Dhama Deva Stotram
Srimad Bhagavad-gita—(The Hidden Treasure...)
Subjective Evolution—(The Play of the Sweet Absolute)
The Golden Staircase

ii) Mga aklat ni Srila B.S. Govinda Maharaj:

Affectionate Guidance
Dignity of the Divine Servitor
Divine Guidance
Divine Message
Golden Reflections
The Benedictine Tree of Divine Aspiration
The Divine Servitor

ninyo ito dahil kayo man ay isang magiting na astrologer. Bakit sinusubukan Ninyo akong buuin? Pumili kayo ng isang mabuting tao at pagsisilbihan ko siya.” Subalit nagwika si Guru Maharaj, “Binibigyan ko ng karugtong ang iyong buhay, isantabi mo ang iyong horoscope.” At ngayon nai-intindihan ko na posible nga, sapagkat dumating sa akin. Sa pamamagitan ng pagkalinga ng aking Guru, nakatanggap ako ng karagdagang buhay.

Wala akong hangarin na magkaroon ng kasiyahan ang aking buhay. Ginagampanan ko lamang ang tungkulin ko sa Panginoong diyos na si Krishna at para sa kasiyahan ng aking Guru Maharaj. Narapat na gumawa ako ng kabutihan para sa iba, ito ang sinabi sa akin ni Guru Maharaj. Nais kitang maging kaibigan, at hindi kaaway. Sinabi ni Krishna sa Srimad Bhagavad-gita:

**uddhared atmanatmanam
natmanam avasadaye
atmaiva hy atmano bandhur
atmaiva ripur atmanah**

Ang sarili mo ang iyong matalik na kaibigan at mortal na kaaway. Hindi mo maipaliliwanag kung hanggang saan ang iyong kasamaan at hanggang saan ang buting magagawa mo sa iyong sarili. Lahat ng kapangyarihan ay nasa iyong mga kamay. Subukan mong maglaro ng maayos at dapat mo makamtam ang resulta nito. Ang putbol ay tuwina’y mapupunta sa paa ng taong naglalaro ng wasto, at ang mga humahabol lamang nito ay hindi makakamtam ang putbol. Kaya’t subukan mong maghanap nang maayos at buong puso. Makakakuha ka ng magandang resulta at ang iyong buhay ay lubos na mapapanuto.

mabuti ang nektar!” Lahat tayo ay bahagi ng Panginoon. Samakatwid, tayo ay magkakasama sa pananampalataya. Sa makamundong daigdig na ito, nakakita tayo ng pagkakaiba-iba – mayroong ipinanganak sa India, ang iba ay sa Russia, mayroon din sa Mexico, Latin America, at iba pa, napakaraming bansa at napakarami ding wika – ngunit ang espiritu ay nabubuhay sa lahat at kung wala nito ay mawawalan ng kabuluhan ang katawan, ang espiritu na yaon ay nagmumula sa iisang lugar lamang. Tinatawag natin itong daigdig na pang-espirituwal o ang mundong transcendental.

Nais natin ng kawalang-hanggan, nais natin ng pag-ibig, nais natin ng pagmamahal, nais natin ng awa at kaligayahan, ito ang ating mga ninanasa, subalit ang makamundong daigdig ay hindi maibibigay ang kahit na ano sa mga nabanggit . Ngunit ang mundong transcendental ay ipagkakaloob lahat sa napakaganda at kaakit-akit na pamamaraan.

Lahat ay mawawala sa mundong ito, isang araw, mahirap man o mayaman, mapanlinlang o iskolar, hayop o puno man. Noong tayo ay ipinanganak, binigyan din tayo ng katiyakang tayo ay mamamatay. Ang kamatayan ay hindi nagbibigay sa atin ng babala, tulad ng “Ngayon ang iyong kamatayan o ngayon ang iyong kapanganakan.” Kapanganakan at kamatayan ay lagpas sa ating kontrol. Maaari siguro nating pahabain o bawasan ito ngunit ang katotohanan ay mananatili na tayo ay mamamatay dahil tayo ay nabuhay. Ang alon ng pagkabuhay at pagkamatay ay nakapalibot sa mundong ito, hindi lamang sa ating kasalukuyang planeta kundi pati na sa buong mundo. Sa kabila ng mundo na ating ginagalawan ay ang napakarami pa ding ibang mundo na nagtataglay ng alon ng kapanganakan at kamatayan. Ang kaalamang ito ay ibinahagi sa atin ng mga iskolar na tagapanaliksik ng Vedic at ang mga siyentipiko sa kasalukuyang panahon ay nagsasabi din ng parehong bagay.

Punong-puno ng di pagkakaunawaan ang daigdig na ito. Ang alon ng kamatayan at pagkabuhay ay nanatiling dumadaloy sa daigdig at taglay nito ang napakaraming suliranin. Napakaraming bagay ang napapakinggan ngayon sa radyo, telebisyon, at mga pahayagan, samakatwid, napag-aalaman ninyo kung gaano na ang karahasan na namamayani. Kahit saang panig, makikita ang ganitong di-magandang pangyayari, ayon na rin sa nasasaad sa Banal na Kasulatan. Ito ang tinatawag na panahon ng Kali. Ang Kali ay nangangahulugang Panahon ng Kaguluhan. Hindi natin ito maiiwasan. Maaaring ako ay mabuting tao, subalit kahit na walang dahilan, puwede ako makaranas ng karahasan. Nangyayari ang napakaraming mga bagay, at marami din mabubuting nilalang ang nakitlan ng buhay. Samakatwid, ang kamatayan at kapanganakan ay hindi abot ng ating kakayahan. Maaari akong maisanggalang mula sa kapahamakan ng mga badigard, tulad nina John Kennedy, Martin Luther King Jr., Indira Gandhi, at napakarami pang iba ngunit hindi maiiwasan ang kamatayan.

Tayo ay hindi rin nakasisiguro sa daigdig. Hindi tayo nakukuntento. Ano ba ang ninanais natin dito? Nais natin ng pag-ibig, pagmamahal, katangian, kagandahan at kaligayahan. Higit sa lahat, nais natin ng kawalang-hanggan, subalit hindi ito posible sa daigdig na ito. Ano ba ang anyo ng pag-ibig dito, ano ang anyo ng kagandahan, o ng pagmamahal? Lahat ay pawang anino lamang o repleksyon ng mundong transendental. Kung ganoon, dito ay nakikipaglaro lamang tayo sa anino, at ang kahulugan nito ay patuloy pa ding nawawala. Kumakain tayo ng dinurog na bigas na hinalo sa tubig at iniisip na ito ay gatas. Kapag natikman na natin ang tamang lasa ng kaligayahang transendental at maramdaman ang kaalamang nasasaatin at ang presensya ng Panginoon ay

transendental na tahanan sa pamamagitan ng Hari-Nama, ang Pangalan ng Panginoon. Mamuhay ka ng espirituwal at malalaman mo ang resulta. Hindi dapat ipagwalang-bahala lamang. Kakain ka at ang iba ay hindi magkakaroon ng kaganapan? Hindi ito ang katotohanan. Kapag kumain ka, makakaramdam ka ng, “Ang tiyan ko ay puno, ang isip ko ay kuntento at nawawala ang aking gutom.” Ang ganito ay natural na lamang mararamdaman.

Paano ako babalik sa hotel? Alam ng aking tagapagmaneho, “Ito ang daan.” Hindi niya makalilimutan ang daan. Kayat dapat tayo humanap ngunit dapat may tamang paggabay. Kung nais mo ng Newcastle coal, dapat ka magtungo sa Newcastle. Kung nais mo ng tubig mula sa Ganges, magtungo ka roon. Kung ibig mo ng tubig sa Thames, magpunta ka sa Thames. Kung may ninanais ka man, magtungo ka sa pinagmumulan nito. Nang sa gayon magagabayan ka sa iyong paghahanap.

Hindi kailangan maging bulag tayo sa pagtanggap. Ang aking Guru Maharaj ay nagkakaloob ng maraming aklat sa wikang Ingles: *The Search for Sri Krishna*, *Reality the Beautiful*; *Loving Search for the Lost Servant*; *Subjective Evolution of Consciousness*; *Golden Volcano of Divine Love*; *Sri Guru and His Grace* at maramipang ibang aklat. Nakapaglabas na kami ng mahigit na dalawandaang aklat sa iba’t-ibang wika para sa kapakanan ng nakakarami.

Ang buhay ko ay matagal ng tapos. Isa din akong astrologer subalit hindi ako nagbabasa ng horoscope ng iba. Isinara ko ang panahon na yaon sa buhay ko apatnapung taon na ang nakararaan. At hanggang ngayon alam ko tapos na ang aking buhay, kaya’t paanong buhay pa ako hanggang ngayon? Ito ay dahil sa pagkalinga ng aking Guru Maharaj. Sinabi ko sa aking Guru Maharaj, “Hindi mahaba ang aking buhay. Alam

Ang Paghahanap sa Tunay na Pinagmulan

ba mula sa mundong materyal. Makikita natin ang liwanag at sa pamamagitan nito, makakarating tayo doon. Dito makakatagpo tayo ng pakikipag-ugnayan. Kung magpapatuloy tayo, magagawa na natin makipag-ugnayan sa Transendental na Banal na Anyo ng Panginoon, ang kanyang Pangalan. Kung ito ay transendental, Kung ito ay banal, may-roon itong lubos na kapangyarihan na magkaloob sa atin ng kaalaman, at ang Pangalan na ito ay makapapasok sa atin ng lugar. Kung mga tawag sa telepono ay makararating ng walang problema, bakit hindi makapapasok sa ating mga puso ang kaalamang transendental? Bakit hindi natin hahayaang mamuhay ang kaalamang transendental doon? Nararapat tayong maniwala. Subukan natin humanap at subukang makaunawa kung sa paanong paraan magiging posible ito. Ayon kay Chaitanya-Dev, ang transendental na paggalaw ng anyo ng Panginoon ay ang Hari-Nama. Matatagpuan ito sa inyong mga puso.

**cheto-darpana-marjanam
bhava-maha-davagni-nirvvapanam
sreyah-kairava-chandrika-vitaranam
vidya-vadhu-jivanam
anandambudhi-varadhanam
prati-padam purnamrtasvadanam
sarvvatma-snapanam param
vijayate sri-krsna-sankirttanam**

Inilarawan din ni Mahaprabhu ang proseso:


**trnad api sunichena
taror iva sahisnuna
amanina manadena
kirtaniyah sada harih**

Maging mapagkumbaba, mapagtiis, mapagparangal sa iba, ituring na kaibigan ang lahat. Subukang makipag-ugnayan sa

Ang Paghahanap sa Tunay na Pinagmulan

madali ng mauunawaan ang lahat nang may kaliwanagan. Ang ugnayan na yaon ang nararapat sa atin.

Sa paanong paraan natin makukuha ito? Ang tapat nating kagustuhan ang mag-uugnay sa atin. Kailangan nating maghanap. Kung ito ay possible, bakit hindi natin gagawin, hindi ba? Ang mga iskolar ng relihiyon ay lumikha ng mga kontribusyon at ginawa itong kaisipan para sa lahat. Kung lalapit ka ng tapat, makakamtam mo ito. Napakadaling makamtam kung ikaw ay may pananampalataya, at hamak na kapalaran lamang. Kung walang kadalisayanan napakahirap na makamtam ito.



Sri Chaitanya Saraswat Math,
Nabadwip, India. Nagniningning at maluwalhati.

Pag-aasawa, bawal na pag-ibig, napakaraming bagay ang naroroon na kung dito natin matatagpuan ay magdudulot sa atin ng lubos na sakit, subalit doon makakamtam nating ang kaligayahan. Doon, walang lugar ang hapdi – maliban na lamang kung sa laro ng Panginoon ay kinakailangan ito, may kakulangan mang dumating, subalit nagaganap ito sa loob lamang ng laro. Ang kaalamang dulot nito ay mauunawaan ng ating mga puso kung susubukan nating humanap, kung susubukan nating magpatuloy. Kung buong-puso nating kukuhanin yaon, makakaya natin. Ito ang handog ni Sri Chaitanya Mahaprabhu.

Bago ipinagkaloob ito sa atin ni Sri Chaitanya Mahaprabhu, hindi natin alam ang proseso, kahit pa nasasaad sa Banal na Kasulatan. Natagpuan ito ni Chaitanya Mahaprabhu at pinagkaloob sa atin. “Tingnan ninyo, ito ang proseso at ito ang pinakamadaling proseso,” at mauunawaan natin ito. Sinabi niya:

**harer nama harer nama
harer namaiva kevalam
kalau nasty eva nasty eva
nasty eva gatir anyatha**

Hindi kinakailangan mag-ipon tayo ng karagatan ng kaalaman mula sa Banal na Kasulatan. Ang kailangan lamang ay ang kadalisayanan at pananampalataya sa kabanalan ng Pangalan ng Panginoon. Bakit? Ang ibang mga kadahilanan ay naibigay na upang maunawaan natin ng madali. Sa mundong ito, napakaraming siyentipiko ang lumikha ng iba’t ibang mga bagay. Paano tayo nakakakuha ng mga larawan mula sa email, telepono, at telebisyon? Sa pamamagitan ng tunog. Kung ito ay posible sa mundong materyal bakit hindi magiging posible din na makipag-ugnayan tayo sa mundong transendental sa pamamagitan ng tunog. Maari itong buma-

ANG WALANG HANGGANG LARO

Isang uri ng laro ni Sri Krishna ay ang nagaganap sa gilid ng ilog Yamuna o sa tabi ng ilog Ganges; umaawit at sumasayaw kasama ng mga kaibigang lalake at babae. Ang walang hanggang laro Niya ay nagaganap kasama ng Kanyang Ama at Ina. Doon, lahat ay maganda at walang kamatayan. Ang iba pang larawan ng Vrindavan ay ibinahagi sa Sri Brahma-Samhita:

**sriyah kantah kantah parama-purusah kalpataravo
druma bhumis chintamani-ganamayi toyam amrtam
katha ganam natyam gamanam api vamsi priyasakhi
chid anandam jyotih param api tad asvadyam api cha**

Doon, lahat ng babae ay magaganda tulad ni Laksmi Devi, lahat ng kagandahan at kayamanan ay nasa kanila. Maganda ang anyo ni Krishna at Siya ang tagapagbigay ng saya sa mga babae doon – kantah parama-purusah. Lahat ng puno doon ay kalpa-taravo. Anumang naisin mo mula sa punong ito ay ipagkakaloob sa iyo. Kung sasabihin mo sa puno ng saging “Bigyan mo ako ng mansanas,” mabilis nitong ipagkakaloob sa iyo. Kung hihingi ka naman ng papaya sa isang puno ng mansanas, ito ay ipagkakaloob pa din sa iyo. Ganito ang katangian ng mundong transendental. Doon, walang artipisyal na pakiramdam. Lahat ay natural, ang natural na daloy ay matatagpuan doon. Hindi iniisip ni Krishna “Ako ang Panginoon,” at hindi iniisip ng mga kaibigan ni Krishna “Si Krishna ang aming Panginoon,” hindi ganoon. “Siya ay matalik kong kaibigan,” at dahil dito nagiging natural ang kaniyang pakiramdam.

ANG PROSESO NG TUNAY NA PAGHAHANAP

Nakasaad sa Sri Chaitanya-Charitamrta,

**brahmada brahmite kona bhagyavan jiva
guru-krsn-prasade paya bhakti lata-bija**

Kapag ang kaluluwa (jiva) sa kasawiang-palad ay napadpad sa makamundong daigdig, na hindi nila tunay na tahanan, inaasaahan na susubukin nilang bumalik sa palagian nilang tahanan. Madalas, hindi nila matatagpuan ang tamang direksyon, ngunit sila’y maghahanap ng iba pang mapupuntahan. Minsan mararanasan nilang mapunta sa kung saan mararamdaman nila na pawang sila ay mga takas na umalis sa kanilang bansa at namuhay nang matagal sa ibang nasyon, ngunit hindi magawang kalimutan ang kanilang sariling bansa. Ito ang ating sitwasyon.

Ang Panginoon ay makapangyarihan. Kung walang kapangyarihan, imposible ang paglikha, at kung walang Makapangyarihan, imposible pa din ang paglikha. Maraming paraan ang maaari nating magawa sa paghahanap subalit nararapat lamang na pumunta tayo sa Makapangyarihan dahil kung hindi imposible makamtam ang tagumpay. At ang mga rishis ay nagsaliksik sa ganitong paraan — ang paghahanap ng kapangyarihan at ng Makapangyarihan. Sa pamamagitan ng kaalaman hindi imposible na makamtan ito. Kapag naunawaan nila ito, pipilitin nila makuha ito mula sa pinakamataas na antas at sasaliksikin nila ito sa pamama-

raang posibleng makamtam ito. Ang kaisipang transcendental na ito ay pinagkaloob sa Srimad Bhagavad-gita ni Sri Krishna.

**daivi hi esa guna-mayi
mama maya duratyaya
mam eva ye prapadyante
mayam etam taranti te**

“O, mahal kong Arjuna, sa kabutihang-palad, ang sinumang magpapakupkop sa akin ay pagkakalooban ko ng pagkalinga mula sa mapanlilnlang na kapaligiran. Kung hindi, napakahirap makamtam ang ganitong pagkalinga sapagkat makapangyarihan si “Maya.”

Tayo ay nagmula sa nasusulat na kapangyarihan. Pinangungunahan ni “maya” ang anino ng kapangyarihan ngunit ang ating tunay na tahanan ay nabubuhay sa transcendental na kapangyarihan. Sa kasamaang-palad, lumipat tayo sa “maya” na hindi naman natin tunay na tahanan. Ang ating ama, ang ating ina, lahat ay transcendental. Tayo ay mga kaluluwa at nararapat na mamuhay sa espirituwal na tahanan subalit naririto tayo sa ganitong sitwasyon. Anong daan ang magdadala sa atin pabalik sa ating bansa, sa ating tahanan? Ito ang kailangan nating maunawaan.

Dito sa makamundong daigdig napakaraming uri ng nilalang. Ayon sa mga iskolar ng pananaliksik ng kaisipang transcendental may 84 lakhs na uri o walong milyon at apat na raang libong uri ng nilalang dito sa makamundong daigdig.

**jalaja navalaksani sthavara laksa-vimsatih
krmayo rudra-sankhyakah paksinam dasa laksakam
trimsal-laksani pasavah chhatur laksani manusah**

Mayroong siyam na raang libong uri ng nilalang sa tubig, dalawang milyong uri ng halaman at puno, isang milyon at isandaang libong uri ng insekto, isang milyong uri ng ibon,

materyal. Hindi ko maunawaan ano ang materyal at ano ang espirituwal, kaya’t ang tunay na kaisipan ay nananatiling nakatago sa akin. Maraming relihiyon ang nagpakita sa materyal na mundong ito subalit nang makita ang ating katayuan, napagtanto kung hanggang saan maaari nating maunawaan at gaano ang kaya nating tanggapin sa mga katuruan ng mga relihiyoso.

Mula sa limang libong taon nang nakakaraan ang mga iskolar ay sinasabing ang Panginoon ay may anyo at Siya ay sachchid-ananda-vigraha. Siya ang Lumikha ng lahat ng mga nilikha. Siya ay may pag-iisip. Siya ay may mukha. Lahat ay nasasakanya.. Ang kanyang anyo ay anyo ng tao, ngunit hindi Siya tao. Siya si Krishna, na tuwina’y inaakit ang ating kaisipan. Maaari tayong sumali sa kanyang walang hanggang panahon. Maaari tayong makipag-ugnayan sa Kanya bilang ating mga kaibigan sa halip na ating Panginoon. Mayroong limang uri ng pakikipag-ugnayan na maaari nating pakainigan: Santa, Dasya, Sakhya, Vatsalya at Madhurya. Maaari tayo makipaglaro sa kanya sa pamamagitan ng ating pag-ibig. Kung makikipaglaro ng putbol sa akin ang Panginoon, anong sarap ng aking magiging pakiramdam.

Ayon kay Krishna sa Srimad Bhagavad-gita,

**matra-sparsas tu kaunteya
sitosna-sukha-duhkha-dah
agamapayino 'nityas
tams titiksasva bharata**

Mayroon kang kaligayahan, kalungkutan, sakit, kagandahan, lahat, subalit hindi ito nagtatagal; pansamantala lamang. Sisikat ang araw pagkatapos ay lulubog din, darating ang gabi ngunit lilisan din at muling sisikat ang araw – ito ay ang katangian ng materyal na mundo. Nakikita natin ang lahat subalit mayroon lamang tayong maiksing panahon para mau-nawaan ito. Napakaraming daan ang nasa ating harapan, maraming relihiyoso at maraming aklat ng mga relihiyon. Subalit wala silang hinahangad mula sa atin. Ano ba ang nais sa atin ng Panginoong Hesukristo? Nais Niyang magpasakop tayo sa Kanya, ito ang inaasahan Niya mula sa atin. “Kayong lahat ay Anak ng Diyos, ipagkaloob ninyo sa Kanya ang inyong pagsunod, pananampalataya, pag-ibig, at lahat lahat. “Ipinakita Niya sa atin kung paano natin dapat ituring ang bawat isa. Katulad din ito ng Vaishnavism. Halos walang pinagkaiba ang turo ng Kristiyanismo sa aming pamumuhay.

Nabasa ko ang mga Awit ni Solomon at namangha ako sa aking natagpuan. Binabasa ko din ang Bibliya, ngunit kaakit-akit ang mga Awit ni Solomon. Naakit ako sapagkat sa aming relihiyong Vaishnava makakatagpo ka ng limang uri ng pakikipag-ugnayan sa Panginoon, at may katulad na ideya ito sa mga Awit ni Solomon. Hindi ito masyadong ipinahayag sa Bibliya, ngunit sa Srimad-Bhagavatam, sa Puranas, Vedanta, Upanisad – lahat nang mga Kasulatan sa Vedic ay nagpapahayag na ang Panginoon ay sach-chid-ananda-vigraha. Mayroon siyang kawalang hanggan at espirituwal na uri ng kaligayahan, hindi tulad ng sa akin. Ang aking hugis ay

tatlong milyong uri ng hayop at apat na raang libong tao. Samakatwid, napakadalang na makamtam ang ganitong katauhan subalit pinagkaloob ito sa atin. Sa pamamagitan nito, tayo ay nakakaunawa at humahanap ng paraan upang mapag-aralan ang espirituwal na mundo at matagpuan natin ang kahalagahan ng kaalamang transendental. Kaya't ang ating katauhan ang pinakamahalaga.

Ang mga hayop ay may utak, may kagustuhan, may paki-ramdam at may pag-iisip ngunit hindi nagagamit sa maayos na pamamaraan. Subalit ang tao, kung nasa wastong pag-iisip ay may kakayahang mag-isip ng maayos. Sinumang nakakaramdam, nagkakagusto, at nakakapag-isip ay may espirituwal na kaluluwa, namumuhay sa katawan, at kapag ang kaluluwang ito ay umalis, ang katawan ay nawawalan ng kabuluhan at pagkaraan ng ilang araw ay nabubulok. Kapag ang kaluluwang ito ay lumabas na hindi na ito muling makapapasok. Maaaring hindi natin nararamdaman ang kalungkutan o kaligayahan ng kaluluwang ito ngunit ang mga iskolar, ang mga rishis, ay nararamdaman sa pamamagitan ng kanilang mahiwagang antas o mental na antas. Nauunawaan nila ang sitwasyon at sa tulong ng kanilang pananaliksik, napagkalooban tayo ng ganitong kaisipan. Maniwala ka at humanap para kay Sri Krishna, Katotohanan ng Kagandahan.

Nais natin ang katotohanan at kaaya-ayang namumuhay ito sa ating tunay na tahanan. Doon, lahat ay espirituwal, lahat ay maganda, maayos, at may pagmamahal.

**yad gatva na nivartante
tad dhama paramam mama**

Ayon kay Krishna na nakasaad sa Srimad Bhagavad-Gita, “Pag narating mo yaon, hindi mo na nanaisin pang umalis mula sa lugar na iyon. Hindi mo na gugustuhin bumalik pa,

sapagkat mararamdaman mo ang tunay na kaganapan.” Ang mga hindi kuntento dito sa makamundong daigdig ay pilit na hahanap ng kalayaan sa pamamagitan ng pagsuko sa mga makamundong bagay. Nasasaatin ang napakaraming bagay subalit walang kaligayahan. Maaaring wala tayong buhay-pamilya, at kung mayroon man, napakarami pa ding paghihirap. Dito sa makamundong daigdig hindi tayo makakaasa ng kaganapan, ito ay napakaimposible. Kaya’t susubukan nating humanap ng lugar kung saan posibleng makatagpo tayo ng kawalang-hanggan, gayundin kung saan may pag-ibig, pagmamahal, kaligayahan at kagandahan. Kung susubukan nating unawain ito, nararapat na pag-aralan natin ang Banal na Kasulatan, o magtanong sa mga sadhu; kung saan ang karanasan, ang pagkakaroon ng buhay at kaalaman ay magbibigay sa atin ng karampatang paglago.

Sa pamamagitan ng pakikipagsalamuha sa mga sadhu, matutuhan nating humanap subalit kapag dumating sa atin ang pagnanais na maghanap, nararapat na nasasaatin ang pananampalataya. Ito ang ating magiging batayan at wala ng iba pa. Maaaring iba-iba ang ating pananaw sa relihiyon, subalit nais natin umunlad sa ating paniniwala at nangangailangan ito ng pananampalataya; tulad ng nasasaad sa Kristiyanismo, na lahat ay dapat manampalataya sa mga katuruan.

Nabasa ko sa isang dolyar na papel, “In God We Trust.” Napakagandang kaisipan na magtiwala tayo sa Panginoon. Pagtiwala ang nararapat na mauna. Nais mo ng kawalang-hanggan, nais mo ng magandang daigdig, nais mo na ang lahat ay transendental ngunit wala kang ilalaan sa Panginoon? Wala para sa Panginoon? Paano mo makakamtam ang lahat ng kagandahan kung mayroon kang mala-impyernong kaisipan? Nabubuhay ka man sa

mala-impyernong sitwasyon mapagpatawad pa din ang Panginoon, dahil patuloy pa rin Siyang nagkakaloob ng pag-ibig sa iyo. Ang mapagmahal Niyang paghahanap sa nawawalang alagad ay ang ating kayamanan, at hindi kayamanan ng Panginoon. Ito ay ating pag-aari. Ngunit nararapat lamang na pahalagahan natin ang pananampalataya natin sa ating relihiyon, dahil kung hindi paano pa natin ito makakamtam? Imposible na. Sa lahat ng relihiyon, pananampalataya ang batayan.

Hindi ko makita ang rishis at munis. Hindi ko nakita ang sarili kong kapanganakan. Sabi ng aking ina, “Siya ang aking Ama,” at pinaniwalaan ko yaon, “Oo, siya ang aking Ama,” at naniniwala ako na ang pamahalaan ay bibigyan ang aking Ama ng pamana. Bakit? Sinabi ng aking Ina na Siya ang aking Ama at ang pag-aari ng Ama ay magpapatuloy hanggang sa kanyang anak. Ito ang batas, at naniniwala tayong lahat. Sa paniniwala lamang sa Panginoon tayo nagkakamali. Hanapin ang pananampalataya at doon magsisimula lahat. “Srnvantu visve amrtasya putra” Kayong lahat ay mga Anak ng nektar. Nararapat na hanapin ninyo si Krishna, Katotohanan ng Kagandahan at makakamtam lahat.

Kapag nakapasok ka sa tahananang transendental, matatagpuan mo ang limang uri ng pakikipag-ugnayan sa Panginoon. May mga pamamaraan at itinuturing na madali ang mga ito. Maraming espirituwal na bagay ang naibahagi sa atin. Nararapat na magkaroon tayo ng hangaring maghanap at kadalisayanan. Kung wala ang mga ito, paano natin ito makakamtam?

Maaari tayong mabuhay sa paraang naisin natin. Minsan sinasabi ko sa mga tao mayroon sila holidays pero ako ay wala. Nagkakaroon ako ng holiday kapag nagbabahagi ako ng mga kaisipan ni Krishna. Iyon ang aking holiday.